# Sekularisasyon

**A Lord's Flock Praise and Worship Topic**

By: Fr. Sedfrey Nebres, SVD

Oktubre 12, 2024

Ang pagiging SEKULAR ay paghihiwalay sa lahat ng gawain na may kaugnayan sa relihiyon o anumang kilusang pang-relihiyon. Ito ay nakaka-apekto sa paraan ng ating pamumuhay ngayon, paano mag-*enjoy* sa ngayon at paano gumalaw ang mundo. Ang likas ng *postmodern* na daigdig ay may kinalaman sa mas mabilis na komunikasyon gamit ang telepono, internet, at *social media*. Bilang Kristyano, paano tayo makilahok sa sekular na pamayanan (sekular vs konserbatibong pag-iisip)? Ang pagsaksi kay Kristo ay nasa puso ng bawat Kristyano. Kailangang mamuhay tayo ayon sa ating pananalig sa mundo ng sekularismo.



1. **Kaaway ba ang sekularisasyon?**
   1.1. Kadalasan ang tingin ng mga Kristyano sa sekularisasyon ay salungat sa Kristyanismo; kaiba ito sa mga pinaniniwalaan natin (o salungat sa Banal na Kasulatan.
   1.2. Pinakamasama ba ito sa ating panahon? Paanong nangyari ito kung kabahagi na tayo sa araw-araw?
2. **Ano ang mga panganib kung sa tingin natin ay kaaway ang sekularisasyon?**
   **2.1. Limitado ang mga gawain sa isang tao o organisasyon.** Lahat tayo ay tinawag ng Diyos sa iisang paniniwala.
   **2.2. Hindi makatwirang mga reaksyon.** Pakiramdam ng lahat, sila ay may karapatan sa *virtual* na mundo. Sa nagkukunwaring Kristyano, lahat ay kayang ipahayag, maski negatibo.
   **2.3. Kamangmangan –** sa kunwaring kaalaman, ang mga tao ay naninindigan sa isang laban kahit ito'y kasinungalingan.
   **2.4. Diskonekta.** Nagkahiwalay ang mag-asawa, ang mga anak, kaya nasisira ang pamilya.
3. **Kung ang sekularisasyon ay isang paraan ng pagbabago, tingnan ito na isang oportunidad.**
   **3.1. Nabagong kahulugan na layunin vs pagwawalang-kilos.** Bukas ang simbahan at isa itong katalista ng pagbabago.
   **3.2. Kailangang mabago ang ating pangako bilang Kristyano.** Kahit sinisiraan ang Katolisismo, nagkaroon ito ng bahagi sa pag-unlad ng ating pamayanan. Ang simbahan ay kabahagi ng pagbabago.
   **3.3. Magtiwala sa Espiritu.** Alam natin ang mga pandaigdigang katotohanan: masama vs. mabuti, napako sa krus si Hesus dahil sa pag-ibig. Itinuro ni Hesus ang unibersal na pag-ibig, ang kahalagahan ng buhay.
   **3.4. Maaabot ang mas maraming tao sa tulong ng pagsulong.** Makapaglilingkod tayo sa ibinibigay nating kalinga.
   **3.5. Napagtanto kung ano ang nakasasama sa sekularisasyon ay iyon din ang mga masasamang nilabanan ng simbahan simulat sapul.** Lahat ay nagdudulot ng kabutihan ngunit nagiging masama kung gagamitin ng tao sa masama o sa pang-aabuso ng kapwa.
   **3.6. Daan sa bagong pagtuturo ng ebanghelyo.** Ito ay pagkakataon para maipunla ang Salita ng Diyos sa puso ng tao.

**Konklusyon:**

Mahalagang buksan natin ang ating mga puso sa Diyos. Ang manindigan kay Kristo ay nangangailangan ng maraming biyaya. Manalangin tayo ng katapangan para tayo'y maging saksi ng Kanyang pag-ibig, maging instrumento sa mundong di nakikita ang kabutihan ng Diyos, at makapagdala ng kapayapaan sa mundong punong-puno ng kalituhan.

**Pagninilay:**

1. Ano ang pinakamahirap mong laban sa iyong pananampalataya sa liberal nating pamayanan?
2. Paano natin naibabahagi si Kristo sa taong litong-litong sa mga sekular na bagay?

**Scribes Ministry:**
Isinalin ni: Nida A. Cruz
https://lordsflock.org/teachings/digests
Tags: #Sekularisasyon #Pagbabago